# PABATID SA PUBLIKO

Magandang araw sa lahat ng estudyante, guro, at kawani ng SDO Bataan. Bilang bahagi ng ating patuloy na pangangalaga sa inyong kaligtasan at kapakanan, nais naming ipaalala ang mga mahahalagang patakaran at programang dapat sundin upang matiyak ang isang ligtas, malinis, at positibong kapaligiran para sa lahat, alinsunod sa mga itinatakdang polisiya ng DepEd.

Unang-una, ang ating mga paaralan ay nakatuon sa pagpapatupad ng *Child Protection Policy*, alinsunod sa DepEd Order No. 40, s. 2012. Layunin nitong pangalagaan ang mga estudyante laban sa anumang uri ng pang-aabuso, panghihiya, at diskriminasyon. Nakahanda ang ating mga guro at pamunuan upang agad tumugon sa anumang insidenteng maaaring magdulot ng takot o pinsala sa sinuman. Kung may makita o maranasan na hindi tamang gawi, hinihikayat ang bawat isa na agad ipagbigay-alam ito sa mga nakatataas upang mabigyan nang wastong tugon.

Nais din nating paigtingin ang programa ng *Barkada Kontra Droga*, na naglalayong hikayatin ang mga kabataan na gumawa ng mga tamang desisyon para sa kanilang kalusugan at kabutihan. Alinsunod ito sa DepEd Order No. 37, s. 2017, na nagbibigay-suporta sa bawat mag-aaral na umiwas sa masasamang bisyo at magbuo ng positibong impluwensya sa kanilang mga kapuwa. Sa ating sama-samang pagkilos, nagiging mas malusog at mas matatag ang ating komunidad.

Bilang karagdagan, sumusunod din ang ating mga paaralan sa mga alituntunin ng *Safe and Clean School Environment Act* upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa loob ng paaralan. Mahigpit na ipinatutupad ang tamang pagtatapon ng basura, pag-iwas sa vandalismo, at pagsunod sa mga tamang alituntunin sa pag-uugali. Ang ating pagtutulungan sa pagpapanatiling malinis at kaayaaya ang ating mga paaralan ay mahalaga para sa positibong kapaligiran ng lahat.

Ipinapaalala din ang pagpapatupad ng *Anti-Bullying Policy*, batay sa DepEd Order No. 55, s. 2013. Ang bawat isa ay inaasahang tatratuhin ang kanilang kapuwa nang may respeto, at mahigpit na ipinagbabawal ang anumang uri ng pang-aapi sa loob ng paaralan. Kung may makaranas o makasaksi ng ganitong insidente, mangyaring agad na

ipagbigay-alam ito sa ating mga guro o administrasyon upang ito ay maiwasan at mabigyan nang angkop na solusyun.

Panghuli, alinsunod sa *DepEd Order No. 21, s. 2015*, hinihikayat ang lahat na maging alerto at mapanuri sa kanilang paligid upang maiwasan ang anumang posibleng panganib. Sa mga oras ng sakuna o kagipitan, tandaan ang mga itinakdang evacuation routes at emergency procedures upang masiguro ang kaligtasan ng bawat isa.

Ang pagsunod sa mga patakarang ito ay mahalaga upang mapanatili ang kaligtasan at kaayusan ng ating mga paaralan. Maraming salamat sa inyong pakikiisa at pang-unawa. Sama-sama nating itaguyod ang isang ligtas at positibong kapaligiran dito sa ating mga paaralan.